

BIBLE STUDY

Marcos 10:17-31

August 06-12

Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon



MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Marcos 10:17-31



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon

Marcos 10:17-31

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

Ang Lalaking Mayaman

17 Nang siya'y paalis na, may isang lalaking patakpong lumapit kay Jesus, lumuhod sa harapan niya at nagtanong, “Mabuting Guro, ano po ba ang dapat kong gawin upang makamtan ko ang buhay na walang hanggan?”

18 Sumagot si Jesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos lamang.



Marcos 10:17-31

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

19 Alam mo ang mga utos ng Diyos, ‘Huwag kang papatay; huwag kang mangangalunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang sasaksi nang walang katotohanan; huwag kang mandaraya; igalang mo ang iyong ama at ina.’”

20 Sumagot ang lalaki, “Guro, mula pa sa aking pagkabata ay tinupad ko na ang lahat ng mga iyan.”



Marcos 10:17-31

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

21 Magiliw siyang tiningnan ni Jesus at sinabi, “May isang bagay pa na dapat mong gawin. Ipagbili mo ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo sa mahihirap, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod ka sa akin.” 22 Nang marinig ito ng lalaki, siya'y nanlumo at malungkot na umalis sapagkat siya'y lubhang napakayaman.



Marcos 10:17-31

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

23 Tiningnan ni Jesus ang mga nasa paligid niya at sinabi sa mga alagad, “Tunay ngang napakahirap para sa mayayaman ang makapasok sa kaharian ng Diyos!” 24 Nagtaka ang mga alagad sa sinabi niyang ito. Ngunit muling sinabi ni Jesus, “Mga anak, talagang napakahirap [para sa mga mayayaman na][a] makapasok sa kaharian ng Diyos! 25 Mas madali pang dumaan ang kamelyo sa butas ng karayom kaysa isang mayaman na pumasok sa kaharian ng Diyos.”



Marcos 10:17-31

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

26 Lalong nagtaka ang mga alagad, kaya't nagtanong sila, “Kung gayon, sino pa kaya ang maliligtas?”

27 Tiningnan sila ni Jesus at sinabi sa kanila, “Hindi ito kayang gawin ng tao, ngunit hindi ito imposible sa Diyos. Sapagkat ang lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos.”

28 At nagsalita si Pedro, “Tingnan po ninyo, iniwan na namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo.”



Marcos 10:17-31

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

29 Sumagot si Jesus, “Tandaan ninyo: ang sinumang nag-iwan ng kanyang tahanan, o mga kapatid, mga magulang, mga anak, mga lupain, dahil sa akin at sa Magandang Balita, 30 ay tatanggap sa buhay na ito ng isandaang ulit pa ng mga iyon; mga bahay, mga kapatid, mga ina, mga anak, at mga lupain, ngunit may kalakip na pag-uusig. At sa panahong darating, magtatamo siya ng buhay na walang hanggan. 31 Ngunit maraming nauuna na mahuhuli, at maraming nahúhulí ang mauuna.”



MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

“Bilang isang mananampalataya na kumikilala kay Kristo bilang Tagapagligtas, Panginoon, at Guro, aking isusuko ang lahat para sumunod sa Kanya.”



Pagtuklas
Marcos 10:17-31

1

Sino ang lumapit kay Hesus
at bakit siya naparoon?
(Mateo 19:20, Marcos 10: 17 &
22)



Pagtuklas
Marcos 10:17-31

2

Ano ang hinihiling ni Jesus sa taong ito upang magkamit ng buhay na walang hanggan? (v.1-4, 5-9, 17, 19, 21)



Pagtuklas
Marcos 10:17-31

3

Bakit umalis ang lalaki na malungkot sa kabila ng pagsasabi na sinunod niya ang mga utos mula pa noong siya ay bata ? (v.22)



Pag-unawa 1

Marcos 10:17-31

Ano ang kahulugan ng tanong ng binata ("Ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?) kay Jesus?



Pag-unawa 2

Marcos 10:17-31

Bakit kinailangan ni Jesus na hilingin sa lalaki na ibigay ang kanyang mga ari-arian upang magkamit ng buhay na walang hanggan.?



Pag-unawa 3

Marcos 10:17-31

Hindi ba tayo maaaring maligtas at yumaman nang sabay?



Pagtugon 1

Marcos 10:17-31

Sa pagbabalik-tanaw, naaalala mo ba kung ano ang iyong tinalikuran upang sumunod kay Kristo? Nagkakahalaga ba ito?



Pagtugon 2

Marcos 10:17-31

Ang kayamanan ay maaaring may iba't ibang anyo para sa bawat isa sa atin. Maaari itong maging sa anyo ng pera, pamilya at mga koneksyon, edukasyon, talento, pagkakataon, at kapangyarihan. Alin ang sa iyo—ang higit na humahadlang sa iyong ibigay ang iyong sarili nang buo sa Diyos? Manalangin kasama ang isang kapareha at mangakong tulungan ang isa't isa na sumunod at lumakad kasama ni Jesus.



Pagtugon 3

Marcos 10:17-31

Laging tinitingnan ni Jesus nang may pagmamahal ang sinumang tumatakas sa Kanya. Ang buong aklat ng ay isang Hosea ay patotoo dito. Maaaring kilala mo o nakatagpo ka ng isang taong nakarinig ng Ebanghelyo ngunit "lumakad nang malungkot" o nahihirapang tumugon at sumunod kay Jesus, o kaya naman isang mananampalataya na naligaw ng landas. Maglista ng tatlong pangalan kung sino ang maaari mong ipagdasal. Abutin sila at sundan sila.

MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

"Bilang isang mananampalataya na kumikilala kay Kristo bilang Tagapagligtas, Panginoon, at Guro, aking isusuko ang lahat para sumunod sa Kanya."

MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Marcos 10:17-31



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon

Small Group Sessions
CLOSING PRAYER



BIBLE STUDY

Marcos 10:17-31

See You Next Week!

Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon





KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube



kbcf.org.ph



[KBCFofficial](#)



[KBCFamily](#)



kbcf.office@gmail.com



0917-886-6650



8927-7420 | 8928-6584